Patalastas Blg. 065, s. 2025
Mayo 27, 2025
Alinsunod sa DepEd Order (DO) Blg. 8, s. 2013,
ang patalastas na ito ay inilabas hindi upang mag-endorso batay sa DO Blg. 28, s. 2001,
kundi upang magpabatid ng impormasyon sa mga kawani ng Kagawaran ng Edukasyon at gayundin sa kinauukulang publiko.
(Bisitahin ang *www.deped.batangas.com*)

**DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2025**

Ang Dangal ng Wikang Filipino 2025 ay mataas na pagkilala sa mga indibidwal, Samahan, tanggapan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

Bukas ang nominasyon sa mga indibidwal – lalaki man o babae – samahan o tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa **Hunyo 20, 2025, 5:00 n.h.**

Kalakip nito ang mga tuntunin at iba pang karagdagang impormasyon.

*LVI/ DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2025/S2-110442/05/27/2025*

DepEd-Division
of Batangas
SDS OFFICE
S2-110442
RECEIVED
Date: MAY 20 2025
Time: 3:00 pm

**Magsumite ng nominasyon sa Dangal ng Wikang Filipino 2025!**

Mga Tuntunin:

1. Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naitatag nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa iba't ibang larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.

6. Pára sa nominasyon, kinakailangang maghanda ng limang (5) kopya at maingat na pagsunurin ang mga dokumento sa ganitong paraan:

- KWF Pormularyo ng Nominasyon (https://shorturl.at/YSM6S) Tiyaking naka-login sa inyong google account.
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

7. Ilagay sa isa o higit pang expandable envelop ang mga tinukoy sa bilang 6. Maaaring dalhin o ipadala sa adres na nása ibaba:

**Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2025**

Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása at pagtanggap ng nominasyon ay sa **20 HUNYO 2025, 5:00 nh.**

9. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2024 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa tutukuying petsa at venue sa Agosto 2024.

10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
•1991•

# DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2025

Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

